**EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES IN SEOUL**

**Philippine Overseas Labor Office - OWWA**

# ORIGINAL SONG COMPOSITION CONTEST

*"Lakas ng Pinoy sa Korea sa Panahon ng Pandemya"*

*Ang mga Pilipino sa Korea, tulad ng iba pa sa iba't ibang parte ng mundo, ay naapektuhan ng COVID sa hindi inaasahang pagkakataon. Naudlot ang mga plano, byahe, pagtipon-tipon, pamumuhay at kabuhayan. Sa pag-iingat para kaligtasan at kalusugan ng bawat isa, nabago ang mga kagawian at nakasanayang gawain ng lahat upang makatulong sa pagbaba ng pandemya.*

*Sa panahong ito, ipinamalas ng mga Pilipino sa Korea ang likas nilang ugaling makapag-kalinga, matatag, mahusay, masipag, masayahin, makabayan at mapag-mahal sa pamilya at kapwa.*

*Sa pagdiriwang ng Araw ng Migranteng Pilipinong Manggagawa 2021 at Philippine Independence Day sa Korea, magkakaroon ng paligsahan ng komposisyon ng orihinal na awitin na maglalayong iparating sa malikhaing paraan ang mensahe ng mga naranasang pagbabago, hamon at lakas ng mga Pilipino sa Korea sa gitna ng pandemya.*

Kung interesadong sumali sa contest na ito, magpalista muna ng pangalan sa alin man sa sumusunod: a) FB Messenger: POLO-Korea; b) email: labor@philembassy-seoul.com; o jotform: https://form.jotform.com/211210667196049. Maaring hingan kayo ng POLO ng karagdagang impormasyon at padadalhan ng confirmation receipt

**Mechanics**

1. Ang contest na ito ay bukas sa mga Pilipinong kasalukuyang naninirahan at nandito sa Korea hanggang sa kasalukuyan*

2. Maaring sumali ang amateur o propesyonal na musikero; pwedeng isa, dalawa o grupo.

3. Ang indibidwal, duo o grupo ay maaring mag-padala ng isang original song composition entry na hindi lalagpas sa apat na minuto.

4. Ang mensahe ng komposisyon ay maglalarawan ng pamumuhay, magandang katangian at lakas ng Pinoy sa Korea sa panahon ng pandemya.

5. Kailangang i-submit ang orihinal na komposisyon (kanta at tugtog) kalakip ang video performance nito at nakasulat na titik (lyrics).

6. Ipadala ang entry mula May 5 hanggang June 3, 2021, 4:00 pm sa:

    - **Email**: labor@philembassy-seoul.com, o di kaya
    - **Personal na submission sa opisina ng** *POLO OWWA*

    *Embassy of the Republic of the Philippines, 17 Hoenamu-ro 42-gil, Yonsan-gu, Seoul 04346*

7. Ang pangongopya ng awit, liriko o musika, at ang komposisyon na nagamit na sa ibang kontest ay diskwalipikado. Kabilang dito ang mga awit na pinalitan lamang ng mga liriko pero ang himig at tunog ay galling sa isang orihinal na komposisyon ng ibang tao.

8. Ang lahat ng entries ay mananatiling pag-aari ng mang-aawit/ kompositor, ngunit may karapatan ang POLO OWWA na gamitin ito para sa opisyal nitong gawain.

9. Ang mananalo ay i-aannounce sa June 13, 2021 sa pagdiriwang ng Migrant Workers' Day 2021 sa Korea

   *Hindi kasama ang miyembro ng Embahada

**Criteria for judging**

1. **Melody and musicality (40%):** Song structure, Melodic development, Originality and creativity, and Musical Arrangement

2. **Lyrics (40%):** Adherence to the Theme, Concept, Clarity of message, Innovation, Syntax, Rhyme, Timeline

3. **Listener Connection (10%):** Recall of song by ordinary listener, How many listener can relate to the song, and Emotional and intellectual impact on the listener

4. **Audio Quality (10%):** Airplay ready, and Absence of noise and audio artifacts

**Prizes**

1. Cash prizes at Certificate of Recognition
   1st Prize: Kwon 500,000
   2ndPrize: Kwon 300,000
   3rd Prize: Kwon 200,000

2. Certificate of Appreciation para sa lahat ng nakilahok

3. Certificate of Recognition para sa mga FilCom group na may entry

Sa iba pang katanungan, tumawag sa 82 2 37853634/5 o kaya send message through 01065916290.

-END-